Australian Government
Services Australia

TAGALOG

# Australian Government Disaster Recovery Payment

**Ang Australian Government Disaster Recovery Payment (AGDRP) ay isang minsan lamang na kabayaran upang tulungan ka kung ikaw ay matinding naapektuhan ng isang idineklarang kapahamakan. Ito ay hindi para sa di-malubhang pinsala o kaabalahan.**

## Magkano ang iyong makukuha

Kung ikaw ay marapat, makakakuha ka ng:

$1,000 kada tao na may sapat na gulang

$400 para sa bawat bata na wala pang 16 na taong gulang.

## Sino ang makakakuha nito

Upang makakuha ng AGDRP, ikaw ay dapat na:

- isang residente ng Australya o may hawak na karapat-dapat na visa
- 16 na taong gulang o mas matanda pa sa panahon ng kapahamakan o tumatanggap ng isang kabayarang social security
- tumugon sa mga kinakailangan sa pagiging marapat ng Local Government Area (LGA).

Ikaw ay dapat naapektuhan nang masama ng isang idineklarang kapahamakan. Halimbawa:

- ikaw ay malubhang nasugatan
- ikaw ay malapit na miyembro ng pamilya ng isang mamamayan o residente ng Australya na namatay o nawawala
- nasira ng kapahamakan ang iyong pangunahing lugar na tirahan o ito ay dapat gibain
- may malaking pinsala sa loob ng iyong pangunahing lugar na tirahan
- nalantad ng kapahamakan sa mga elemento ang loob ng iyong pangunahing lugar na tirahan
- ang istraktura ng iyong pangunahing lugar na tirahan ay idineklarang may diperensya
- nakontaminahan ng dumi sa imburnal ang loob ng iyong tirahan
- nasira o napinsala ng kapahamakan ang mahalagang (mga) ari-arian mo sa iyong pangunahing lugar na tirahan
- ikaw ang pangunahing tagapag-alaga ng isang umaasang bata na nakaranas ng anuman sa mga nabanggit sa itaas.

## Mga Paglalarawan

- Ang iyong pangunahing lugar na tirahan ang pangunahing lugar kung saan ikaw ay may karapatan o lisensya upang karaniwang manirahan. Hindi kabilang dito ang mga holiday home o mga pamumuhunang propyedad.
- Ang mahalagang (mga) ari-arian ay ari-arian na may pinagsamang halagang $20,000 o mahigit pa sa merkado. Halimbawa, kabilang dito ang mga gusali, sasakyan, caravan, mga tangke ng tubig o malalaking makinarya.

- Ikaw ay isang pangunahing tagapag-alaga ng isang bata kung ang bata ay umaasa sa iyo at wala pa sa edad na 16 na taong gulang. Ang pangunahing tagapag-alaga ay dapat may legal na responsibilidad para sa pang-araw-araw na pangangalaga, kapakanan at paglaki ng bata.

## Paano ang paghiling

Ang pinakamabilis na paraan ng paghiling ay ang pagtawag sa **180 22 66**. Ang linya ng telepono ay bukas Lunes hanggang Biyernes, mula 8 am hanggang 5 pm sa lokal na oras. Makakahiling ka ng libreng interpreter kung kailangan mo nito.

Kung ikaw ay isa sa dalawang nagsasama, kapwa kayo makakahiling ng kabayarang ito. Ikaw at ang iyong partner ay dapat gumawa ng magkahiwalay na paghiling.

Pumunta sa **servicesaustralia.gov.au/disaster** para sa karagdagang impormasyon. Kabilang dito ang:

- mga opsyon sa paghiling
- mga marapat na LGA
- paano ang pag-access sa aming mga serbisyo.

## Para sa karagdagang impormasyon

- pumunta sa **servicesaustralia.gov.au/disaster** para sa karagdagang impormasyon sa wikang Ingles
- pumunta sa **servicesaustralia.gov.au/yourlanguage** kung saan ikaw ay maaaring bumasa, makinig o manood ng mga video na may impormasyon na nasa iyong wika
- tumawag sa **131 202** upang makipag-usap sa amin sa iyong wika tungkol sa mga kabayaran at serbisyo ng Centrelink
- bumisita sa isang sentro ng serbisyo.

Punahin: ang mga tawag mula sa iyong telepono sa bahay sa mga numerong ‘13’ mula saan man sa Australya ay sisingilin sa halagang di-mababawasan. Ang halaga ay maaaring magkaiba-iba mula sa halaga ng isang tawag na lokal, at maaari ring magkaiba-iba sa mga provider ng serbisyo ng telepono. Ang mga tawag sa mga numerong ‘1800’ ay libre mula sa iyong telepono sa bahay. Ang mga tawag mula sa mga pampublikong telepono at mobile ay maaaring inoorasan at sisingilin sa mas mataas na halaga.

### Pagtatatwa

Ang impormasyong taglay ng lathalaing ito ay nilalayon lamang bilang isang gabay sa mga kabayaran at serbisyo. Responsibilidad mong magpasya kung nais mong mag-aplay para sa kabayaran at gumawa ng aplikasyon tungkol sa iyong partikular na mga sitwasyon.

# Australian Government Disaster Recovery Payment

**The Australian Government Disaster Recovery Payment (AGDRP) is a one-off payment to help you if you are significantly affected by a declared disaster. It is not for minor damage or inconvenience.**

## How much you can get

If you are eligible you will get:

$1,000 per adult

$400 for each child younger than 16.

## Who can get it

To get AGDRP you must:

- be an Australian resident or hold an eligible visa
- be 16 years or older at the time of the disaster or getting a social security payment
- meet Local Government Area (LGA) eligibility requirements.

You must have been adversely affected by a declared disaster. For example:

- you were seriously injured
- you are the immediate family member of an Australian citizen or resident who died or is missing
- the disaster destroyed your principal place of residence or it must be demolished
- there has been major damage to the interior of your principal place of residence
- the disaster has exposed the interior of your principal place of residence to the elements
- your principal place of residence has been declared structurally unsound
- sewage has contaminated the interior of your residence
- the disaster has destroyed or damaged a major asset or assets you own at your principal place of residence
- you are the principal carer of a dependent child who has experienced any of the above.

## Definitions

- Your principal place of residence is the main place where you have a right or license to normally live. It doesn’t include holiday homes or investment properties.
- A major asset is an asset or assets with a combined market value of $20,000 or more. For example, this includes buildings, vehicles, caravans, water tanks or large scale machinery.
- You are a principal carer of a child if the child is your dependent and has not turned 16. The principal carer must have legal responsibility for the day-to-day care, welfare and development of the child.

## How to claim

The fastest way to claim is to call **180 22 66**. The phone line is open Monday to Friday, from 8 am to 5 pm local time. You can ask for an interpreter for free if you need one.

If you are a member of a couple, you can both claim this payment. You and your partner must make separate claims.

Go to **servicesaustralia.gov.au/disaster** for more information. This includes:

- claiming options
- eligible LGAs
- how to access our services.

## For more information

- go to **servicesaustralia.gov.au/disaster** for more information in English
- go to **servicesaustralia.gov.au/yourlanguage** where you can read, listen to or watch videos with information in your language
- call **131 202** to speak with us in your language about Centrelink payments and services
- visit a service centre.

Note: calls from your home phone to '13' numbers from anywhere in Australia are charged at a fixed rate. That rate may vary from the price of a local call and may also vary between telephone service providers. Calls to '1800' numbers from your home phone are free. Calls from public and mobile phones may be timed and charged at a higher rate.

### Disclaimer

The information contained in this publication is intended only as a guide to payments and services. It is your responsibility to decide if you wish to apply for a payment and to make an application with regard to your particular circumstances.